Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagkilala ng bunga sa pangungusap

Panuto: Salungguhitan ang parirala (*phrase*) o sugnay (*clause*) na nagsasaad ng bunga sa bawat pangungusap.

1. Pagka't may bisita tayo bukas, maghanda tayo ng espesyal na pansit bihon.
2. Masyadong mahal ang sapatos kaya hindi ko na ito binili.
3. Bukas ay mamamasyal tayo at manonood ng sine dahil kaarawan mo.
4. Napakaganda ng hardin ni Lola sapagka't araw-araw niya itong inaalagaan.
5. Palibhasa'y gutom na gutom si Gabriel, nakalimutan niyang alukin ng pagkain si Carlo.
6. Maaga akong gumising kanina kasi ayaw kong mahuli sa klase.
7. Sumakit ang ulo ko kaya nagpahinga muna ako nang sandali.
8. Hindi ako pwedeng kumain ng hipon pagka't *allergic* ako diyan.
9. Masiglang-masigla ang mga bata dahil maglalaro sila sa malaking parke.
10. Maghain na tayo kasi gutom na ang mga bata.
11. Dahil sapat na ang naipon ko, makakatayo na ako ng sarili kong negosyo.
12. Ang ilaw ay pula kaya hindi muna tayo tatawid ng daan.
13. Mag-aaral pa ako kasi may pagsusulit kami bukas.
14. Sapagka't mga kandidatong manloloko ang ibinoto ng tao, walang nangyaring mabuti sa bansa.
15. Manonood ako ng laro ng basketbol pagka't isa sa mga manlalaro ang anak ko.
16. Nakatitipid tayo dahil kumukuha tayo ng mga gulay sa bakuran natin.
17. Dahil parati kang nagsisinungaling, hindi na naniniwala ang mga tao sa iyo.
18. Halos lagi kang nasasabihan ng guro mo kasi makulit ka sa klase.
19. Simple lang ang buhay namin palibhasa hindi kami mayaman.
20. Naiintidihan ko ang nararamdaman mo dahil naranasan ko na rin iyan.